


TOMO XI - ISYU 1

ABRIL-HUNYO 2024

EDITORYAL

Singilin ang rehimeng US-Marcos II sa pambubusabos sa mamamayang Pilipino sa nakaraang dalawang taon!

Dalawang taon na ang lumipas mula nang maluklok bilang ilehitimong pangulo ng papet na reaksyunaryong gubyerno si Ferdinand Marcos Jr. Sa loob ng dalawang taon, lalong nilugmok ng rehimeng US-Marcos II ang sambayanang Pilipino sa tumitinding kahirapan at kaapihan.



Para sa masang api, walang kabuluhan ang mga datos at estadistiko ng paglago ng ekonomya na iwinawasiwas ng rehimeng US-Marcos II. Hindi kayang pasubalian ng anumang numero ang araw-araw na paghihikahos na dinaranas ng milyun-milyong manggagawa, magsasaka at iba pang aping uri at sektor.

Hindi maampat ang pagsirit ng presyo ng mga bilihin habang nananatiling mababa at di na umaangkop ang sahod at kita ng mamamayan. Papalaki ang agwat sa pagitan ng pangkaraniwang sahod at kita na kina-kailangan upang matustusan ang araw-araw na pangangailangan. Ayon sa Ibon Foundation, ang nakabubuhay na arawang sahod para sa limang kataong pamilya sa mga rehiyon ay PhP 1, 192. Malayong malayo ito sa kinikita ng mga magsasaka sa mga bukid at manggagawa sa mga sentrong bayan sa kanayunan.

Tahasang kasinungalingan lang din ang sinasabi ng rehimen na lumiit ang bilang ng walang trabaho at na umuunlad ang buhay ng manggagawang Pilipino. Taliwas sa ipinagmamayabang na 1.8 milyon lamang na walang trabaho, aabot na sa 7.5 milyong Pilipino ang walang trabaho kung isasama sa bilang ang mga inaawas ng gubyerno sa datos upang pagtakpan ang kabiguan nitong tiyakin ang trabaho para sa mga mamamayan. Mula 2023 hanggang Pebrero 2024, 150, 000 lang ang dumagdag na tra-baho. Malayo ito sa sariling target ng gubyerno na 500, 000 na trabaho kada taon at lalong malayo sa 7.5 milyong Pilipinong nanganga-ilangan ng trabaho. Pinakamababa rin ang tunay na halaga ng sahod ngayon mula 1990 dahil sa lubha ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin.

Ramdam na ramdam ang ganitong kalagayan ng sahod sa Mindoro. Dito sa isla, limitado ang mapapasukang trabaho na labas sa mga bukid. Malimit na nagiging *construction worker* o tindero't tindera ang mga Mindoreñong naghahanap-buhay labas sa mga bukid. Karaniwang sahod sa mga trabahong ito ay PhP 350 hanggang PhP 500 lang din.

Wala ring napala ang mga magsasaka sa dalawang taong panunungkulan ni Marcos Jr. Pakitang tao ang pakutkot na pamamahagi nito ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) at ang pagwa-walambisa sa mga di mabaya-rang utang ng mga benepisyar-yo ng huwad na reporma sa lupa ng gubyerno. Milyun-milyon pa rin ang magsa-sakang walang sapat na lupa habang pi-nahihintulutan ng gubyerno ang malawakang pang-aagaw ng lupa nila.

Palamuti lamang ang kung ano-anong teknolohiya at imprastrakturang ibinibigay sa mga magsasaka. Hindi masasagot ng pamimigay ng binhi o mga *post-harvest facility* ang atrasado at maliitang pagsasaka sa Pilipinas. Napakalaki ng gastusin para lamang makapagtanim habang bagsak naman ang *farmgate price* ng mga produktong bukid. Kasabay nito, kinakailangang makipag-kumpitensya ng mga magsasakang Pilipino sa imported na mga produktong pinahihintulutan ni Marcos Jr. na bumaha sa bansa.

Higit na pinalala ng nagdaang El Niño ang ganitong kalagayan. Natuyo nang husto ang mga lupang sakahan dahilan para mamatay o mabansot ang mga pananim. May mga magsasaka rin, lalo na sa kabundukan, na walang irigasyon na hindi na talaga nakapagtanim at napilitang maghanap ng ibang kabuhayan gaya ng pag-uuling.

Sa iniulat na Gross Domestic Product (GDP) o nilikhang yaman sa loob ng bansa mula Enero hang-

gang Marso 2024, pinakamaliit na bahagi ang agrikultura at bumagsak pa ito sa pinakamaliit na ambag sa loob ng ilang dekada. Patunay ito na walang magawa ang rehimen sa patuloy na pagkabansot ng agrikultura ng Pilipinas. Para sa isang bansa kung saan ang pinakamalaking uri ay ang uring magsasaka, ang pagkabansot na ito ay nangangahulugan ng ibayong pagsahol ng kahirapan ng mayorya ng populasyon. Ito ang hindi maitatangging katotohanan sa Mindoro kung saan 85-90% ng populasyon ay mula sa uring magsasaka. Matingkad ang pagiging atrasado at pre-industriyal ng lipunan sa isla. At sa loob ng dalawang taon, pinabigat lamang ni Marcos Jr. ang malapyudal na krisis na dumadagan sa mamamayan.

Habang kibit-balikat si Marcos Jr. sa paghihikahos ng mamamayan, sukdulan naman ang pagpapakitang gilas niya para sa kanyang among imperyalismong US. Bagamat bukambibig pa rin ang "diplomasya," wala sa kilos ng rehimeng US-Marcos II ang nagsasarili at mapayapang patakarang panlabas sa Tsina. Pinapayagan ni Marcos Jr. na gamitin ng US ang Pilipinas sa mga mapang-upat na hakbanging militar laban sa Tsina. Pinahihintulutan ni Marcos Jr. ang ibayong pag-militarisa ng US sa kalupaan, karagatan at himpapawid ng Pilipinas kapalit ng suportang pampulitika at militar laban sa nakikibakang mamamayan.

Kabuhayan at buhay ng mga Pilipino ang sinasangkalan ni Marcos Jr. sa bawat aksyong pang-uudyok ng kanyang rehimen sa Tsina.

Pinerwisyo ang mga mangingisdang Pilipino sa West Philippine Sea (WPS) ng pagbabawal sa paglalayag ng mga mangingisda sa katubigang ginamit sa Balikatan Exercise noong Abril 22 hanggang Mayo 10. Kasabay nito at bilang tugon din sa pagpapainit ng rehimeng US-Marcos II sa tensyon sa WPS, pinatupad ng Tsina ang *fishing ban* na magtatagal hanggang Setyembre 16.

Kapalit ng ganansyang pansarili, iniaalay ni Marcos, ang buhay ng milyun-milyong Pilipino sa walang katapusang pakikidigma ng US sa ngalan ng yaman at teritoryo. Kung magpapatuloy ang maka-US at mapang-udyok na patakaran ng Pilipinas sa Tsina, tiyak na makakaladkad at maiipit ang bansa sa marahas na salpukan ng dalawang imperyalistang kapangyarihan, isang bagay na naranasan na ng sambayanan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Kahit na nagpapakitang gilas laban sa Tsina si Marcos Jr., ang totoo, hanggang ngayon nakatutok pa rin ang mga armas ng reaksyunaryong gubyerno sa mamamayan. Sapagkat alam na ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan ang pinakamalaking hadlang sa paggamit ng US sa buong lakas ng Armed Forces of the Philippines (AFP) laban sa Tsina, desperado ngayon ang US at si Marcos Jr. na durugin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa lalong madaling panahon. Para magawa ito, pinapakawalan sa kanayunan ang pinakamabangis at masahol na panghahalimaw ng reaksyunaryong armadong pwersa sa tabing ng kontra-insurhensyang programang dinisenyo ng US. Walang pagkilala ang programang ito sa kahit anong batas sa digma. Walang pagkilala maski sa pagkakaiba ng sibilyan sa kombatant, ng armado sa di armado. Lahat ay maaring maging target ng paniniktik, pananakot, iligal na pag-aresto at gawa-gawang kaso, pagdukot, pagpatay at iba pang kahindik-hindik na paglabag sa karapatang tao.

Sa Mindoro, nagpapatuloy ang paghahasik ng 203rd Infantry Brigade (IBde) at PNP MIMAROPA ng pasis-tang teror. Habang ininda ng mamamayan ang pinsala ng El Niño, winaldas ang milyong pondo ng bayan sa mga operasyon ng AFP-PNP. Noong Abril 7, pinaslang ng 4th Infantry Batallion (IB) ang isang kabataang katutubo sa Bulalacao, Oriental Mindoro pagkatapos ay pinaratangang kasapi ng BHB.

Sa lahat ng panghihimasok ng US sa ekonomya, pulitika at militar ng bansa, ipinalalabas nito ang sarili bilang solusyon sa mga problema ng bansa. Pautang, dayuhang pamumuhunan at importasyon ang inutil na solusyon upang ibsan ang kahirapan at kagutuman. Payo at kagamitang militar mula sa mapandigmang US naman ang buong kasingungalingang pinamamarali sa mamamayan na magtitiyak daw ng kaligtasan at kapayapaan ng bansa. Sa lahat ng mga palabas ng US, bida-bidang sang-ayon naman si Marcos Jr. Sa bawat pagyuko sa US, inilulubog niya lalo sa komunoy ng malapyudal, malakolonyal na krisis ang mamamayang Pilipino.

Walang kaparis na pagkabulok ng lipunang Pilipino ang ibinunsod ng dalawang taong pamamahala ni Marcos Jr. Tiyak na ibayong pagsahol ng kalagayan ng masa ang tanging maasahan hanggat sakal ng interes ng US, ng angkang Marcos at kanilang mga kroni't kapwa naghaharing uri ang estado. Walang ibang atrasan ang mamamayang Pilipino kung hindi ang landas ng pambansa demokratikong paglaban. Laman ng pambansa demokratikong programa ang kagyat at pangmatagalang solusyon sa kahirapan ng mamamayan.

Sa gayon, dapat walang pagod na magmulat, mag-organisa at magpakilos ang mga pambansa demokratikong pwersa sa hanay ng masa. Dapat malinaw na ilantad ang papel ni Marcos Jr. at ng US sa lumalangkahirapan ng sambayanan. Dapat patambulin ang suri at tunay na solusyon sa mga isyu ng bayan. Kailangang magsilbi ang lahat ng pagsisikap na ito sa pagbasag sa pasistang teror, laluna sa kanayunan, at paghahanda sa masa sa pukpukang labanan para sa kanilang kagalingan at mga karapatan na tanging sa pakikihamok at pagpapabagsak sa nabubulok na naghaharing sistema nila matatamasa.

NILALAMAN

Editoryal: Singilin ang rehimeng US-Marcos II sa pambubusabos sa mamamayang Pilipino sa nakaraang dalawang taon! 1
4IB, pinaputukan ng BHB Mindoro... 3
Ayuda sa panahon ng El Niño... 3
Palalang krisis ng klima... 4
Pagsusog sa anti-magsasakang RTL, intinutulak sa Kongreso 5
Rebolusyong Agraryo ang lulutas sa kawalan ng lupa... 6
Masang Mindoreño, ipinagdiwang ang BHB55, NDFP51 7
PJMS, binuksan sa isang larangang gerilya sa Mindoro 9
Ang tanglaw ng kilusang pagwawasto sa Mindoro 9
Bantay Karapatan 10
Mga Kwento ni Ka Madaay: Ang imperyalistang panghihimasok... 11
NDFP Corner: Tahakin ang rebolusyonaryong landas... 13
Patungkab at Pugakang 15
Pagpupugay sa mga rebolusyonaryong ama at ina 15

BALITANG TO

4IB, pinaputukan ng BHB Mindoro! Fake news na labanan sa Benli, inilantad!

Pinaputukan ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command - NPA Mindoro (LDGC - NPA Mindoro) noong Mayo 20, 2024 bandang 9:15 nang umaga ang mga nakakampong tropa ng 4th Infantry Batallion (4IB) sa So. Sigao, Brgy. Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro.

Ayon sa pahayag ni Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng LDGC - NPA Mindoro, tugon ang taktikal na opensiba sa panawagan para sa rebolusyonaryong hustisya ng mamamayang biktima ng paglabag sa karapatang tao ng mga pasistang tropa sa Bongabong, na lumala mula nang magkampo ang mga militar.

Ilan sa mga nasabing kaso ng paglabag ay ang iligal at sapilitang pagpapasuko, pang-aabuso at panggagahasa sa kababaihan, pagkampo sa gitna ng mga baryo at pandarahas sa mga katutubong Buhid. Naitala rin sa Lisap, Bongabong ang walang habas na pambobomba gamit ang FA50, panganganyon at aerial straffing noong Pebrero 2022. Isa ang Brgy. Lisap sa dalawang barangay sa Bongabong na itinuturing na pambansang prayoridad ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Nanawagan din si Ka Madaay sa mga kumander at Pulang mandirigma ng LDGC - NPA Mindoro na maglunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa 203rd Infantry Brigade (IBde) at PNP-MIMAROPA. Aniya "Sa harap ng tumitinding maduming kontra-insurhensyang digma ng rehimeng US-Marcos II at armadong pwersa nito makatarungan lamang ang lumaban at isulong ang armadong pakikibaka."

Bilang pagtatapos sa kanyang pahayag, diniinan ni Ka Madaay ang papel ng masa sa pagwawasto at muling pagpapalakas ng Bagong Hukbong Bayan "upang ipagtanggol ang interes at karapatan ng mga Mindoreño."

Samantala, isang pekeng labanan naman ang ipinagmamayabang ng 4IB na naganap sa So. Balagway, Brgy. Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro noong Hunyo 25. Ayon muli kay Ka Madaay, ginagamit ang pekeng labanan upang bigyang katwiran ang paglulunsad ng focused military operation (FMO) sa Bulalacao at ang pagkakampo sa mga pamayanan sa tabing ng Retooled Community Support Program Operation (RCSPO). "Ngayon pa lang, kinukundisyon na ng 4th IBPA ang isip ng mamamayan bilang paghahanda sa teroristang atake nito sa kanilang komunidad," ani ni Ka Madaay.

BALITA

Ayuda sa panahon ng El Niño, di natanggap ng masang Mindoreño

Idineklara na ang pagtatapos ng El Niño ngunit hindi pa rin mahagilap ng masang Mindoreño ang ayudang ipinangako ni Ferdinand Marcos Jr. Isa ang Mindoro sa pinakanapinsala ng El Nino. Dahil sa laki ng pinsalang natamo ng isla, personal na bumisita si Marcos Jr. sa San Jose, Occidental Mindoro noong Abril 22 para sa isang *town hall consultation* kasama ang mga magsasaka at mangingisda.

Ayon sa mga pahayag ni Marcos Jr. sa *town hall consultation*, naipamahagi na sa Occidental Mindoro ang PhP 165, 404, 000 kabuuang halaga ng ayuda sa mga nasalanta ng El Niño sa prubinsya. Katumbas ito ng 393 indibidwal na nakatanggap ng PhP 3, 000 bawat isa na *fuel subsidy*, 193 indibidwal na may PhP 26, 000 bawat isa sa ilalim ng El Niño Indemnifi-cation Fund at 1,153 indibidwal na nakatanggap ng PhP 5, 000 bawat isa mula sa programang Rice Farmer's Financial Assistance ng Department of Agri-culture (DA). Samantala sa Oriental Mindoro, nilaan ang apat na milyong pisong pondo sa ilalim ng pare-hong programa ng DA. Kalakip din ng ayudang ito ang pondo para sa pautang ng PhP 20, 000 hanggang PhP 25, 000 nang walang interes sa mga magsasaka ng palay na naapektuhanng matinding tagtuyot. Bahagi ang mga ito ng kabuuang PhP 20.5 bilyong inilaan ng reaksyunaryong gubyerno sa ayuda para sa mga mamamayang apektado ng El Niño.

Taliwas naman sa mga pahayag ni Marcos Jr. at ng kanyang gabinete ang pagtingin ng masang Mindoreño.

"Kataka-taka lang na hindi man lang nakatang-gap ang sinumang magsasaka mula sa aming barangay [ng ayuda] gayong bitak-bitak na ang mga talukan at nangamatay na ang mga palay namin dahil sa El Niño," himutok ni Tatay Fidel, isang magsasaka mula Occidental Mindoro. "Napakalaki naman sana ng pondo na inilaan ng gubyerno para sa ayuda pero di man lang namin ito naramdaman."

Ganito rin ang sentimyento ng masa sa Oriental Mindoro kung nasaan ang mga bayang naunang mag-deklara ng *state of calamity* sa buong bansa.

Ani ni Nanay Inday, residente sa isa sa mga bayang isinailalim sa *state of calamity*, "Nagmo-motor na kami papunta sa kabilang barangay makapag-igib lang ng tubig inumin at panggamit sa bahay. Grabe ang epekto ng tagtuyot pero wala man lang kaming natanggap na tulong."

Dahil sa kawalan ng kahit anong tulong o ayuda mula sa reaksyunaryong gubyerno, ipinamayani ng masang Mindoreno ang kolektibong pagkilos at tulungan para ibsan ang



Mga natuyong sakahan sa Oriental noong Marso. Larawan mula sa TV Patrol.

Ipinagpatuloy mula pahina 3...

ang matinding epekto ng El Niño sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Sa mga baryong matindi ang epekto ng tagtuyot, matingkad ang pagbubuo ng masa ng sistema ng tulungan sa pag-iigib, paghuhukay ng mga balon at paghahanap ng alternatibong mapagkukunan ng malinis na tubig. Sa mga lugar na malayo ang igiban, nagkaroon ng relyebuhan ang mga magkakapit-bahay sa pagbabantay sa mga batang naiiwanan sa bahay sa tuwing nag-iigib sila. Ito ang naging pangingibabaw ng mamamayan sa pag-abandona sa kanila ng reaksyunaryong gubyerno sa gitna ng matinding delubyong hatid ng El Nino sa kanilang buhay at kabuhayan.

Ayon kay Tatay Selo, lokal na lider sa isang baryo na apektado ng El Niño, "Ang tanging magagawa natin ngayon ay magtulungan, sama-samang kumilos at damayan ang isa't isa sa gitna ng krisis na dinulot ng El Niño. Kung walang pakialam sa atin ang gubyerno ni Marcos, dapat di tayo mawalan ng pakialam sa isa't isa."

LATHALAIN
Palalang krisis ng klima, palalang kalagayan ng masang Mindoreño



Sa tindi ng init noong kasagsagan ng El Niño, nagbitak-bitak ang lupa sa maraming sakahan. Larawan mula sa TV Patrol.

Sa unang kwarto hanggang pangalawang kwarto ng 2024, dinanas ng mga Mindoreño ang hagupit ng El Niño. Nauna sa buong bansa ang mga bayan ng Bulalacao at Mansalay ng Oriental Mindoro na mag-deklara ng *state of calamity*. Kalaunan, ipapailalim din ang buong prubinsya ng Occidental Mindoro sa *state of calamity*. Sa kabuuan, isa ang isla ng Mindoro sa pinakapininsala ng El Niño. Sa loob ng ilang buwang pamiminsala ng El Niño sa Mindoro, ipinagdamot ng lokal at pambansang reaksyunaryong gubyerno sa mga Mindoreño ang makabuluhang tulong para maharap nila ang tumitinding krisis sa klima.

Perwisyong hatid ng El Niño

Sumabay ang matinding tagtuyot sa krisis sa kuryente sa Mindoro. Mula Pebrero, ang dating buong araw na suplay ng kuryente ay naging apat na oras na lang. Nabawasan ang kita ng mga negosyo na nangangailangan ng kuryente tulad ng mga kainan, nagbebenta ng palamig, mga *frozen* na pagkain, at mga *grocery store* dahil sa buong araw na pagpapaandar ng *generator*. Ininda ito ng mga maliliit na negosyante dahil sa papataas din na presyo ng langis.

Sa sektor ng edukasyon, naging kabi-kabila ang suspensyon ng mga klase dahil pumalo sa *danger zone* ang temperatura at *heat index* sa Mindoro. May mga kaso ng mga estudyanteng nahimatay dahil sa tindi ng init sa loob ng mga silid-aralan na mayroon lamang dalawa hanggang tatlong *electric fan* para sa 50 hanggang 60 na estudyante. Ang ilang mga aktibidad ay nilabas na lamang sa silid-aralan. Nilipat na rin ang oras ng pasok nang 10:30 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali upang makaiwas ang mga guro at mag-aaral sa matinding init. Sa huling ulat ng Department of Education (DepEd), naganap ang *learning loss* o pagkabawas sa pagkatuto ng mga kabataan sa panahon ng El Niño. Pinasahol ng El Niño at tugon dito ng bulok na gubyerno ni Ferdinand Marcos Jr. ang matagal nang umiiral na krisis sa edukasyong niluwal ng pag-abandona ng estado sa tungkulin nitong tiyakin ang dekalidad na edukasyon at mga pasilidad para sa tunay at epektibong pagkatuto.

Naitala rin ang maraming kaso ng pagkakasakit na may kaugnayan sa init at kakulangan ng malinis na tubig. Noong Marso, tumampok hanggang sa pambansang balita ang pagkakaroon ng *diarrhea* ng mga residente ng Paluan dahil sa kawalan ng mapagkukunan ng malinis na tubig pang-inom. Nagkaroon din ng mga kaso ng *heat exhaustion*, pagkahilo, pagsakit ng tiyan at *urinary tract infection* (UTI). Resulta ang mga ito ng kawalan ng malinis na tubig pang-inom at kawalan ng kuryente. Nagdulot din ng puyat ang matinding init maging sa gabi at kawalan ng bentilasyon. Mayroong mga paaralan na nagkandado ng mga palikuran dahil kulang o walang tubig na magagamit sa pagpapanatili ng kalinisan. Napilitan ang mga estudyante mula sa mga paaralan na ito na lumabas upang maghanap ng ibang palikuran.

Sa tindi ng pagkatuyo ng mga balon, ilog at mga sapa na pinagkukunan ng tubig ng masa, dumadayo na ang ilan sa mga karatig nilang barangay para lamang makapag-igib. Ang iba ay gumagamit pa ng kanilang motor para pumunta sa kung saan may maiigib pa. Nagrarasyon na rin ang lokal na gubyerno ng tubig. Habang pinipinsala ng El Niño ang isla ng Mindoro, sumabay pa rito ang mga harabas[1]. Halimbawa, sa Occidental Mindoro umabot sa P30 milyon ang pinsala sa mga sibuyasan. Naiulat naman ang P1.7 bilyong pinsala sa mga maisan at palayan sa Oriental Mindoro. Nagsimatayan pati ang pangkonsumong tanim ng mga magsasaka tulad ng mga butil dahil sa tuyong tuyo na ang lupa. Ang dating maliit na kita ng mga magsasakang Mindoreño ay lumiit pa lalo dahil sa mababang presyo ng produkto at kawalan ng produktong maaring maibenta.

Bakit may El Niño?

Ang El Niño ay isang natural na penomenon na nagaganap tuwing apat na taon. Ang El Niño na

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina



Isa ang sibuyas sa pinakaapektadong pananim noong panahon ng El Niño. Larawan mula sa TV Patrol.

Ipinagpatuloy mula pahina 4...

naranasan sa Pilipinas nitong mga huling buwan ang isa sa pinakamatinding El Niño sa nagdaang mga siklo nito. Bagamat isang natural na penomenon, ang tindi ng El Niño at ang lala ng mga epekto nito na binalikat ng mamamayan sa unang hati ng 2024 ay dala na ng lumalalang *climate crisis* o krisis sa klima.

Ang krisis sa klima ay binunsod ng tuloy-tuloy at matalas na pagtaas ng temperatura o pag-init ng mundo dahil sa industriyal na produksyon ng mga dambuhalang negosyo. Ang katangian ng kapitalistang produksyon na laging naghahabol ng papalaking tubo ang siyang dahilan ng pagkasaid ng likas na yaman ng mundo at pagkasira ng kalikasan. Halimbawa sa mga negosyong ito ang malalaking mina, *quarrying, dredging*, pagtotroso at pagtatayo ng dambuhalang dam. Kinakalbo at binubutas ng mga nasabing negosyo ang mga kabundukan, pinapalayas ang mga mamamayan at nilalason ang hangin at katubigan.

Pinahihintulutan ng mga naghaharing uri ang pagpasok ng mga negosyong mapangwasak sa kalikasan sa Mindoro at sa buong Pilipinas sa tabing ng kaunlaran. Dinala ng mga imperyalista ang mga katulad na negosyo sa Pilipinas upang mapagsamantalahan ang likas na yaman ng bansa at tumubo nang malaki habang gumagastos ng maliit mula sa kanilang kapital.

Habang nalulugmok na ang kalagayan ng mga Mindoreño dahil sa El Niño, pagpapakitang gilas naman ang inatupag ng reaksyunaryong gubyerno ni Ferdinand Marcos Jr. Nangako ng ayuda, pautang, pamimigay ng mga cold storage facility at pagtatayo ng *solar-powered irrigation system* si Marcos Jr. pati na rin ang Deparrment of Social Welfare and Development (DSWD) at Department of Agriculture (DA). Maraming sinambit na mabulaklak na salita si Marcos Jr. at mga kinatawan niya sa iba't ibang ahensya. Ngunit nananatili ang katotohanan na walang napala ang masa sa mga pangako at inilakong tulong ni Marcos Jr.

Malala pa, hindi na nga tumulong naging abala pa si Marcos Jr. sa pakikipag-usap sa mga lokal na malaking burgesya kumprador at mga dayuhang kapitalista para sa mga kasunduan hinggil sa negosyong wawasak lalo sa kalikasan habang hinahagupit na ng El Niño ang mamamayan. Pinakatampok sa lahat ng ito ay ang pagtutulak ng Charter Change (Cha-cha) na buong buong isusuko sa mga dayuhang negosyo ang lupa at likas na yaman ng Pilipinas.

Hanggang sa nananatiling pinapanigan ng sistema ng ekonomya at produksyon ng Pilipinas ang kita ng mga naghaharing uri at mga dayuhan, nanatili ang mga kundisyong nagdudulot ng pagkasira ng kalikasan at krisis sa klima. Sa ilalim ng nasabing sistema, babalikatin ng naghihikahos na masang anakpawis ang papalalang krisis na nilikha ng pagiging gahaman ng dayuhan at iilan sa tubo at kita.

[1]Ang harabas o *army worm* ay pesteng kumakain ng mga pananim.

BALITA
Pagsusog sa anti-magsasakang RTL, itinutulak sa Kongreso

Isinusulong ngayon sa loob ng reaksyunaryong gubyerno ang pagsusog sa anti-magsasakang Rice Tarrification Law (RTL). Pinangungunahan ang tulak na ito ni House Speaker Martin Romualdez. Sa isang panayam kay Romualdez buong kasinungalingan niyang sinabi na mababawasan ng PhP 10 hanggang PhP 15 ang presyo ng bigas sa Agosto kung maipapasa ang mga susog sa RTL bago matapos ang Hunyo.

Kabilang sa mga nais na susog ng rehimeng US-Marcos II ang pagtapyas sa taripa sa inaangkat na bigas mula 35% patungong 15% upang lalong maengganyo ang mga dayuhang ibenta sa Pilipinas ang kanilang bigas. Tiyak ang pagbaha ng imported na bigas na maglulugmok sa magsasaka sa palayan sa lalung pagkabangkarote. Kahit hindi binibigyan ng sapat na badyet, kita ang kayabangan sa patutsadang ibabalik daw sa National Food Authority (NFA) ang kapangyarihang bumili ng bigas na ibebenta at hindi para sa *buffer stock* at bigas na pang-ayuda. Diumano'y ang mga panukala na ito ang magtutulak sa presyo ng bigas pababa nang P35 hanggang P40 na lamang ayon sa mga mambabatas. Maalala na ang pagpapababa din sa presyo ng bigas ang kinatwiran ng dating rehimeng US-Duterte sa pagsasabatas sa RTL noong 2019.

Malawak ang naging pagtutol ng mamamayan sa RTL mula 2019. Nalugi ang maraming magsasaka dahil sa pagpasok ng bigas mula sa ibang bansa habang tumaas nang tumaas ang presyo ng bigas.

Ngayong Hunyo 2024 sumirit na sa PhP 60 kada kilo ang presyo ng bigas sa mga pamilihang bayan sa Mindoro mula sa dating presyo na PhP 40 hanggang PhP 20 kada kilo. Kasabay nito, patuloy na sumadsad ang *farmgate price* o ang benta ng palay ng mga magsasaka.

Tinuligsa ng tagapagsalita ng NDF Mindoro na si Ma. Patricia Andal ang pagsusog sa RTL sa kanyang pahayag na inilabas noong Mayo 21, 2024. Aniya "Sa Mindoro ngayon, nakapako sa PhP 10 hanggang PhP 18 ang bentahan ng palay. Ang mga dati nang baon sa utang at kahirapan na mga magsasaka ay lalong naghikahos."Dagdag pa niya, "Kung sino ang nagtatanim ng palay ay sila ring pinakagutom dahil bigo ang RLL na pababain ang presyo ng bigas... Karaniwang presyo [ng] bigas sa Mindoro ang PhP 58-PhP 60 kada kilo. Malayong malayo ito sa ipinangako ng RLL na abot-kayang presyo ng bigas para sa mga Pilipino."

Samantala, kasabay ng pagsusog sa RTL ng rehimeng US-Marcos II, pilit pa ring itinutulak ni

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina

Ipinagpatuloy mula pahina 5...

ang pangako niya sa mamamayan na PhP 20 kada kilong presyo ng bigas. Sa Hulyo ay sisimulan ang programang Bigas 29 sa layuning makapagbenta ng bigas sa halagang PhP 29 kada kilo. Susi rito ang Kadiwa Program at mga Kadiwa Center kung saan matatagpuan ang PhP 29 kada kilong bigas na napakaliit naman ang kayang serbisyuhan kung ikukumpara sa pangangailangan ng sambayanang Pilipino.

Sa isla ng Mindoro, mayroon lamang iilang Kadiwa Center sa mga piling bayan. Malaki ang kailangang gastusin sa transportasyon ng mga magsasakang nakatira malayo sa mga bayan habang sila rin ang pinakanangangailangan ng murang bigas.

"Nanganganib na lalung ibaon sa komunoy ng kahirapan at pagkabusabus ang mga magsasaka ng palay," ani ni Andal sa kanyang pahayag laban sa RTL. Ipinanawagan ni Andal ang pagbasura sa RTL at iba pang neoliberal na patakaran sa ekonomya at pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan bilang sagot sa kahirapan ng mga magsasaka.

LATHALAIN

Rebolusyong Agraryo ang lulutas sa kawalan ng lupa at pagkakamit ng nakabubuhay na kita ng magsasakang Mindoreño

Masalimuot na katotohanan sa isang malakolonyal at malapyudal na bansa gaya ng Pilipinas ang laganap na karukhaan ng mga magsasakang bumubuo sa pinakamalaking bahagi ng lakas-paggawa ng buong bansa. Isang kabalintunaan na nagugutom ang mga tagalikha ng pagkain ng buong lipunan at siyang pinagmumulan ng mga hilaw na materyales para sa lokal at dayuhang produksyon at konsumpsyon. Sa sistemang ito, nagkakamal ng limpak-limpak na yaman ang mga panginoong maylupa (PML) na kadalasan ay mga burukrata at malalaking burgesya kumprador (MBK) din.

Napatunayang puro huwad ang serye ng mga programa sa reporma sa lupa na ipinatupad ng mga nagdaang papet na rehimen. Kaya matapos ang mga programang ito, nananatiling kulang o walang lupa ang karamihan ng mga magsasaka habang konsentrado sa kamay ng mga PML, MBK at dayuhang korporasyon at reaksyunaryong gobyerno ang malalawak at primera klaseng lupang agrikultural.

Patunay ang isinabatas na New Agrarian Emancipation Act ng kasalukuyang rehimeng US-Marcos II na kumilalang hindi pa naisasalin sa maraming benepisyaryo ng Presidential Decree ng unang rehimeng US-Marcos at CARP/CARPER ng dalawang rehimeng US-Aquino ang karapatan sa lupa dahil sa kawalan ng kakayahang bayaran ang "utang" na amortisasyon sa bangko. Naglaan ang rehimen ng PhP 57.5 bilyong pondo para rito pero malinaw na hindi ito bagong programa sa pamamahagi ng lupa kaya hindi nito tunay na malulutas ang kawalan ng lupa ng kalakhang magsasaka. Lubhang nahuhuli na ito dahil nailit o naibenta na ng mga magsasakang naging "benepisyaryo" ang kanilang lupa dahil sa dinanas nilang lubhang kahirapan.



Sa ilalim ng rehimen ni Ferdinand Marcos Jr, pipigain lalo ng imperyalismong US, ni Marcos Jr at kaniyang paksyon ng naghaharing uri ang natitirang yaman ng bansa at ang lakas-paggawa ng milyun-milyong masang anakpawis gamit ang mga anti-mamamayang batas at patakaran gaya ng Rice Tarrification Law, Charter Change at iba pa upang tumabo ng limpak-limpak na yaman habang naitutulak sa labis-labis din na paghihirap ang mamamayan.

Ang pyudal, malapyudal, maliit, hiwa-hiwalay at atrasadong produksyon ng sektor ng pagsasaka na pinalala ng atakeng neoliberal sa agrikultura ang lalong nagsasadlak sa magsasaka sa kawalan ng lupa at pagkawasak ng kabuhayan. Wala na ngang lupang mabungkal, wala pang nakabubuhay at disenteng trabahong mapuntahan dahil pinabayaan din ng gobyerno ang pagtatayo ng mga industriya ng bansa.

Sa isla ng Mindoro, karaniwang nauuwi ang mga magsasakang desperado sa kabuhayan para madagdagan ang kita sa pag-uuling at pagtingting. Laganap ito sa mga maralitang setler at katutubong Mangyan sa mga bayan ng San Jose at Magsaysay sa Occidental Mindoro at Roxas, Mansalay, at Bulalacao sa Oriental. Maraming kaso na dumadayo pa sa Batangas o kaya sa ibang bayan sa Mindoro para lamang mag-uling doon. Pumapasok ang mga magsasaka sa partehan ng uling sa hatiang isang sako sa may-ari ng lupa sa bawat limang sakong mauuling. Dinadayo din nila ang mga niyugan para mangalap ng gagawing tingting.

Mabigat at kung tutuusin buwis buhay ang mga gawain sa pag-uuling. Marami ang napipilitang mag-uling dahil sa diumano'y mas mabilis na pagbalik ng pera. Walang puhunan kung hindi ang lakas-paggawa at kahoy, tanim man ito o likas na sumibol sa mga lupain. Sa ilang mga bayan, kairalan nang kahit nakatayo pa ang punong uulingin ay naipangutang na para sa pang-konsumo. Dahil mas maagang binayaran,

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina

Ipinagpatuloy mula pahina 6...

mas mababa rin ang presyo ng uling mula rito nang PhP 10.00 hang-gang PhP 20.00 sa karaniwan.

Gumugugol ang mga mag-uuling ng hindi bababa sa isang linggo para maisalang ang kahoy na uulingin, masindihan ang apoy, bantayan ang nasindihang kahoy, sugbahan ito ng tubig para patayin ang baga, hanguin ang uling at saka isako ito. Karaniwang 10 hanggang 20 sako ng uling ang nahahango sa isang salangan. Aabot ng 30 o higit pa kung maraming kahoy ang naisalang. May 20 hanggang 30 kilo ang bigat ng isang sako ng uling na papasanin o hahakutin papunta sa mga ahente at mamimili. Bibilhin ang uling sa presyong PhP 80-120 kada sako; may bawas pang PhP10.00 kung magmumula sa mga ahente ang sako na gagamitin. Kung kukwentahin, PhP 800-1, 200 para sa sampung sako hanggang PhP 1, 600-2, 400 para sa 20 sako ang kita ng mga mag-uuling kapalit ng hindi bababa sa isang linggong trabaho. Kakarampot na kita ang kapalit ng pagbubuhat ng aabot sa kalahating toneladang uling na hinahakot papunta sa mga ahente at mamimili, ng paso mula sa mga natirang baga habang naghahango at ng pagkakasakit ng tuberculosis, pulmonya at iba pang sakit sa baga dahil sa usok at alikabok na nalalanghap sa proseso ng pag-uuling. May mga kaso na rin ng pagkabulag, pasma, kanser, at iba pang malubhang sakit dahil sa trabahong ito.

Liban sa pag-uuling, pagtitingting ang isa sa pinagtitiyagaang hanapbuhay ng masang Mindoreño. Karaniwan ito sa lahat ng bayang may tanim na niyog, partikular sa Oriental, kapwa sa lugar ng katutubo at hindi katutubo. Matapos ang paglilikom ng mga palapa, paghihiwalay ng tingting mula sa dahon at pagkakayas para tuluyang malinis ang tingting, karani-wang dalawa hanggang tatlong bigkis ang makakayas sa maghapon. May ibang umaabot sa dalawang libong piraso ang nakakayas mula umaga hanggang gabi. PhP 7-10.00 ang halaga ng kada bigkis ng tingting samantalang PhP 20.00 naman ang isang libong piraso ng tingting. Ibig sabihin, kumikita lamang ng PhP 20-40.00 ang mga nagtitingting sa kada araw ng pagkakayas.

Hindi maituturing na alternatibong kabuhayan ang mga trabahong kagaya ng pag-uuling at pagtitingting. Naitulak lamang sila sa trabahong ito ng desperasyong iniluluwal ng kawalan ng lupa o kaya di pagiging produktibo ng anumang maliit na lupaing binubungkal ng magsasaka. Sa taas ng presyo ng mga bilihin atbatayang pangangailangan, hindi na sasapat ang pagsasaka sa maliliit na parsela ng lupa o sa pagpapaupa sa mga gawaing bukid. Kung hindi sila maghahanap ng ibang mapagkakakitaan, imposibleng mairaos nila ang pang-araw-araw na pangangailangan nila at kanilang pamilya. Ngunit ang mapait na katotohanan ay hindi rin sasapat ang kita kahit anong pagdodoble-kayod o pagpasok sa iba't ibang mga trabaho.

Hindi na dapat hintayin ng mga magsasaka ang tuluyang pagkawasak ng natitira pa nilang kabuhayan. Maipagtatanggol at maipaglalaban lamang ng mga magsasaka ang kanilang karapatan sa lupa sa pagsulong at ganap na pagtatagumpay ng digmang bayan. Itinuturo rin ng kasaysayan na ang tatlong sangkap nito na armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo (RA) at pagbubuo ng baseng masa ang tiyak na landas ng pagsusulong ng interes at kagalingan ng magsasaka.

Sa panahong hindi pa nakakamit ang ganap na tagumpay ng digmang bayan, ang minimum na layunin ng RA ay isang kagyat na hakbang para maibsan ang labis na kakapusan ng magsasaka. Magagawa ito sa sama-samang pagkilos para sa pagpapababa ng upa sa lupa at interes sa pautang, pagpapataas ng sahod o bahagi sa ani ng mga magsasaka at manggagawang bukid, pagpapataas ng presyo ng produktong bukid, pagbubunsod ng mga tulungan o bayanihan sa pro-duksyon at ng kooperasyon. Sa mga lugar naman na atrasado ang pagsasaka ay gawin ang sama-samang pagpapataas ng produksyon.

Sa panahon ng tagumpay ng rebolusyon, ibubunsod ang maksimum na nilalaman ng RA na kumpiskasyon ng lupain ng mga malalaking PML, MBK at mga dayuhang korporasyon sa agrikultura at libreng ipamamahagi ang lupa sa mga magsasakang wala o kulang sa lupang mabubungkal. Ito ang lulutas sa kawalan ng lupa at magbibigay ng kapangyarihan sa uring magsasakang palitawin ang mga salik sa pagpapataas ng produksyon tulad ng kooperasyon sa hanay nila, teknolohiya, makinarya at iba pang pangangailangan. Kaakibat nito ang pagtatayo ng Demokratikong Gubyernong Bayan upang ilatag ang komprehensibong hakbang sa pagkakamit ng panlipunang katarungan sa mga magsasaka, manggagawang bukid, manggagawa at iba pang demokratikong uri at sektor sa ating lipunan

Sa Mindoro, kolektibong isinusulong ang RA pangunahin ng mga maralita, mababa at mga panggitnang magsasaka, kakapit-bisig ang mga katutubong Mangyan na dala naman ang laban para sa kanilang lupang ninuno. Mahigpit na katuwang ng masang magsasaka at katutubo sa kanilang laban ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sapagkat hindi magtatagumpay ang RA kung wala ang armadong paglaban ng Hukbong Bayan

Ang mga unang laban sa pang-aagaw ng lupa sa isla ay ang pagtutol sa pagpapatanim ng reaksyunaryong gubyerno ng cassava at ipil-ipil. Naiguhit din at di mabubura kailanman sa kasaysayan ang pagpapalayas at paglalansag sa libu-libong ektaryang lupaing pastuhan at mga asyenda. Libreng ipinamahagi ang mga lupang ito sa mga magsasakang Mindoreñong kulang o walang lupa, kabilang ang mga katutubong Mangyan. Sa paglalansag sa mga pastuhan, ang malalawak na lupa ay inokupa, ipinundar at sinaka ng masang magsasaka at katutubo.

Tagumpay ng RA sa isla na natugunan sa isang antas ang kawalan ng lupa ng mga magsasakang sadlak sa karukhaan at kaapihan. Nagkaroon ng pagkain at pagkakakitaan ang masa sa pagbubungkal ng mga abandonadong lupa at mga pastuhan. Ngayon, libu-libong sako ng palay, mais, bawang, sibuyas, mani, saging, kamote, niyog, gulay, prutas at iba pang pananim ang naaani mula sa lupang RA. Mula rin dito, nagkaroon ng mga kagamitan at makina sa produksyon ang masa.

Tangan ang mga aral mula sa kasaysayan dapat magpunyagi ang mga magsasaka na palakasin ang kanilang kakayahan sa kolektibong aksyon sa balangkas ng rebolusyong agraryo. Ang bawat tahanan, bawat pamayanan ay dapat magsilbing

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina

Ipinagpatuloy mula pahina 7...

magsilbing malakas na muog ng paggiit ng karapatan at paglaban ng mga magsasaka para sa kanilang lehitimong karaingan laban sa mga PML at MBK at amo nilang imperyalistang US. Harapin ang karahasan ng estado sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos. Gawing malaking paaralan ang pakikibaka para sa kagalingan at karapatan bilang tuntungan sa pagtatayo ng gubyernong tunay na maglilingkod sa interes ng lahat ng uring api at pinagsasamantalahan sa lipunan.

Sa gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas, sa tuwang at lakas ng Hukbong Bayan at buong rebolusyonaryong kilusan dapat nang gampanan ng magsasaka ang kanilang makasaysayang tungkulin bilang pangunahing pwersa sa lipunan at rebolusyong Pilipino. Sa pangunguna ng Partido inilulunsad ngayon ang kilusang pagwasto sa mga kahinaan at pagkakamali upang higit na magpalakas. Layunin ng pagwawastong ito na maorganisa ang milyong magsasaka at masang anakpawis upang makaigpaw ang rebolusyon sa mas mataas na antas kasabay ng paglakas ng kilusang magsasaka na siyang pangunahing pwersa sa pambansa demokratikong rebolusyon.

BALITA

Masang Mindoreño, ipinagdiwang ang BHB55, NDFP51

Matagumpay na ipinagdiwang ng mga Pulang kumander, mandirigma at ng mamamayang Mindoreño ang ika-55 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ika-51 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa loob ng mga sonang gerilya sa isla ng Mindoro.

Sa isang sonang gerilya, pinatampok ang maya-mang kasaysayan ng digmang bayan sa rehiyon ng Timog Katagalugan at sa isla sa pagtatanghal ng isang dula. Bago ang pulong anibersaryo, nilaman ng arawang balitaan ng isang yunit ng Hukbo ang pagbabasa ng mga maikling kwento tungkol sa mga Pulang kumander at mandirigma at inilunsad ang serye ng pag-aaral ng awit na patungkol sa BHB. Pinarangalan naman ng isa pang yunit ng Hukbo ang mga martir ng BHB sa isang *gun salute* noong Marso 29.

Samantala, ipinakilala naman ng isang yunit ng BHB sa masa ang iba't ibang alyadong organisasyong napapailalim sa NDF at direktang sumusuporta sa armadong pakikibaka gamit ang awit-galaw. Dalawang beses na naglunsad ng dagliang pulong anibersaryo ang nasabing yunit. Bago ang Abril 24, araw ng anibersaryo ng NDF, isinagawa ang serye ng malikhaing mga aktibidad gaya ng *puppet show* at *Who Wants To Be An NDF Consultant* (halaw sa palabas na *Who Wants To Be A Millionaire*) para ipakilala ang NDF at ang programa at kasaysayan nito sa Hukbo at masa.

Binigyang diin sa mga pulong anibersaryo ng BHB at NDF ang panawagan ng Partido sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa na mag-aral, magpuna at magwasto upang muling makasulong.


Gumampan ng mahalagang papel ang masa sa sa mga pagtitipon. Naging bahagi sila ng napakilos para sa paghahanda at pagtataguyod—mula sa lohistika, seguridad at hanggang sa pag-imbita ng mga bisita mula sa iba't ibang erya ng mga larangan. Matapang at malikhaing hinarap ng mga kasama't masa ang mga balakid upang maisagawa ang pagdiriwang.

Sa mahusay na pagtataguyod ng masa, naisagawa ang malaki at maliliit na pagtitipon na puno ng aral at insipirasyon para sa Hukbo at masa.

Hindi makapagpupunyagi ang rebolusyonaryong kilusan sa loob ng mahigit limang dekada at makapagpapatuloy kung hindi dahil sa matalas na pagsapol sa krusyal at mapagpasyang papel ng mamamayan.

Ang patuloy na pagyakap ng masang anakpawis sa rebolusyon ay patunay na higit nilang nauunawaan ang kawastuhan ng armadong paglaban para sa lipunang malaya at para maitayo ang isang gubyernong magtatanggol at maglilingkod sa mamamayan nito.

Binuo ang BHB bilang pangunahing panlabang pwersa ng mamamayan noong Marso 29, 1969 at itinayo naman ang NDFP noong Abril 24, 1973 bilang kinatawan ng pinakakonsolidadong mga pwersa at organisasyong nagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Kabilang sa NDFP ang mga mayor na uri at sektor sa lipunan katulad ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM) para sa magsasaka, Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) sa kababaihan at Kabataang Makabayan (KM) sa mga kabataan.



BALITA
PJMS, binuksan sa isang larangang gerilya sa Mindoro



Binuksan ang Paaralang Jose Maria Sison (PJMS) sa isang larangang gerilya sa isla ng Mindoro kasabay ng pagdaraos ng isang kapehan para sa mga masang nakapagtapos ng mga pangunahing kursong masa noong ika-14 ng Mayo. Matapos nito ay pormal nang binuksan ang PJMS at nagsimula ang pag-aaral sa Batayang Kurso ng Partido (BKP).

Bago ang pagtatalakay sa unang paksa ng BKP, ipinakilala ang Tagapangulong Tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na si Jose Maria Sison aka Amado Guerrero at nagbigay ng komprehensibong pagbabalik sa kasaysayan ng BKP hanggang sa kasalukuyang praktika ng paglulunsad ngayon.

Bunga ng inilunsad na Instructors' Training sa loob ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang pagbubukas ng PJMS kung saan naibreyktru ang mas maunlad na praktika ng pagtuturo para sa mga dati at bagong instruktor. Layunin ng pagsasanay na kumawala sa mga nakasanayan at mekanikal na praktika ng pagtuturo at pag-aaral.

Masusi ring inaral sa pagsasanay paano mas epektibo at madaling ilalapat sa kongkretong kalagayan ng masang binibigyan ng mga pag-aaral ang pagtuturo dahilan para tumaas ang kakayahan at kumpiyansa ng mga instruktor sa pagbibigay ng paparami pang pag-aaral.

Sa patuloy na paghawak ng nasabing yunit ng Hukbo sa diwa ng kilusang pagwawasto, maraming organisadong masa ang muling nabalikan at nabigyan ng pag-aaral.

Tampok sa isang pag-aaral ang pagpapatimo samasa ng kahalagahan ng rebolusyonaryong pag-aaral at wastong pagsusuri. Ayon sa masa, natutunan nila kung paano haharap sa atake ng pasistang AFP sa kanilang komunidad at maiiwasan ang mga dudahan sa kanilang hanay laluna ng makatapos sila sa Araling Aktibista (ARAK). Sa pagtatapos ng pag-aaral, nabuo rin ang inisyatiba sa mga mag-aaral at sila na mismo ang kusang nagtatanong para sa susunod na iskedyul ng mga pag-aaral.

Sa maikling programa ng Kapehan, ginawaran ng sertipiko ang mga masang nagtapos bilang pagkilala sa pagsisikap ng mga mag-aaral na dumalo sa mga pag-aaral.

Sa kasalukuyan, tuloy-tuloy ang paglulunsad ng mga pag-aaral sa ilalim ng PJMS kasabay ng walang patlang na pagpapaunlad ng mga instruktor mula sa Hukbo at paglaki ng kwerpo ng instruktor sa hanay ng Hukbo at organisadong masa.

LATHALAIN
Ang tanglaw ng kilusang pagwawasto sa Mindoro

Sa gitna ng buhay at kamatayang pakikibaka ng rebolusyonaryong kilusan na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), araw-araw na mga suliranin at balakid ang sinusuong ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) para lahatang panig na isulong ang mga rebolusyonaryong gawain. Tila ulan na tumutuldok sa mahabang tagtuyot ang mga aral at inspirasyon ng kilusang pagwawasto sa muling pagsulong at pagpapasigla ng mga rebolusyonaryong gawain. Ito ang diwang tinataglay ngayon ng mga yunit ng BHB sa ilalim ng Lucio De Guzman Command (LDGC) sa muling pagbabalik nito sa mga eryang naiwanan nang ilang panahon bunsod ng mga pagkakamaling empirisista sa nakaraang mga taon.

Hukbong panlaban, pampropaganda at pamproduksyon

Sa esensya, isang rebolusyon para sa lupa, buhay at kabuhayan ang demokratikong rebolusyong bayan na isinusulong ng PKP sa buong bansa. Patunay dito ang puu-puong libong ektaryang lupain na mga dating pastuhang isinailalim sa rebolusyong agraryo (RA) at pinakikinabangan ngayon ng libu-libong magsasakang Mindoreño

Sa pagbabalik ng isang yunit ng BHB sa mga eryang RA na naiwanan nang ilang panahon dahil sa matinding pang-aatake ng 203rd Brigade at PNP MIMAROPA, isang praktikal na suliranin na kinaharap ang pagkaabala ng masa sa produksyon na dahilan para maantala ang mga iskedyul ng mga pulong at pag-aaral. Dahil malapit na ang tag-ulan, abala ang lahat ng masa sa pagkakaingin at pag-aasikaso sa kanilang mga talukan. Imbes na maudlot ang mga rebolusyonaryong gawain dahil dito, ginawang tuntungan ito ng naturang yunit ng BHB upang mailugar ang mga pulong talakayan at mga pag-aaral sa gitna ng mga trabaho sa bukid. Sa umaga, kasama ng masa ang mga Pulang mandirigma sa kanilang mga gawain tulad ng paghahasik sa kaingin, pag-aararo, at pag-aayos ng irigasyon sa mga talukan. Inilulugar naman sa tanghali o sa mga breyk para sa pagpapahinga ang mga pulong talakayan, pulong ng mga lokal na Sangay ng Partido at organisasyong masa, at mga pag-aaral sa mga kurso ng Pambansa Demokratikong Paaralan (PADEPA). Regular ding inilulunsad ang pulong balitaan upang maibahagi sa masa ang mga pinakabagong pangyayari sa bansa at buong mundo, at sa pagsusuri ng Partido sa mga napapanahong isyung panlipunan.

Sa ganitong paraan, produktibong nagugugol ang buong maghapon sa gawaing produksyon at sa mga

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina

pampulitikang gawain sa hanay ng masa. Hindi na bago ang ganitong kairalan sa mga yunit ng BHB at deka-dekada nang nakagawian ito ng mga Pulang mandirigma saan mang dako sa buong bansa.

"Sadyang busy ang masa ngayong panahon dahil kasagsagan na ng pagtatanim at iba pang gawaing-bukid sa pagsisimula ng tag-ulan. Liban sa pagtulong sa kanila, dapat nating gamitin itong oportunidad para mailugar ang mga talakayan at pag-aaral upang lalo pa silang maging malapit sa kanilang Hukbo," ani Ka Daryl, pulang mandirigma ng isang yunit ng BHB.

Naging susi ang praktikang ito upang mabilis at madulas na maisagawa ng naturang yunit ng BHB ang gawaing reaktibasyon sa mga eryang pansamantalang naiwanan upang muling palakasin ang pagkakaisa ng masa at pasiglahin ang kanilang sama-samang pagkilos. Patunay ito na hindi lamang hukbong panlaban at pampropaganda ang BHB. Hukbong pamproduksyon rin ito na handang makipagtalimbisig sa masang magsasaka para sa pagsusulong ng mga gawain sa iba't ibang larangan.

Hukbong handang makipaggitgitan

Isang mayor na salik na kinaharap ng mga yunit ng BHB sa isla sa nakaraang taon ang pinatinding atake ng kaaway sa anyo ng mas pinasinsin at mas pinabangis na mga Focused Military Operations (FMO). Kakumbina nito inilunsad din ng kaaway ang mga Retooled Community Support Program Operations (RCSPO) na bumababad sa mga pamayanan ng mga magsasaka at katutubo nang ilang linggo hanggang buwan. Ang mga walang puknat na operasyong militar ng pasistang 203rd Brigade at PNP MIMAROPA ang isa sa mga naging salik kung bakit naiwanan ng mga yunit ng BHB ang ilang mga erya. Sa nagdaang limang taon, hindi bababa sa labinlimang nakapirming bagong kampo-militar at daan-daang komunidad na iligal na kinampuhan ng mga RCSP-platun ang tinayo ng mga pasista sa buong isla na karaniwan ay nasa gitna o panabihan ng mga baryo ng mga magsasaka at katutubo.

Sa diwa ng kasalukuyang kilusang pagwawasto, pinangangahasan ng mga yunit ng BHB sa ilalim ng LDGC ang pakikipaggitgitan sa mga lugar na pokus ng atake ng kaaway. Maging ang mga baryo na katabi lamang ng mga kampo-militar ng kaaway ay inaabot ng mga yunit ng BHB upang muling ilunsad ang gawaing pampulitika sa hanay ng masa.

"Susi ang papel ng masa upang matagumpay na makipaggitgitan ang yunit ng NPA sa mga lugar na pokus ng pangwawasak ng kaaway. Mag-operasyon man ang kaaway, nagagawa pa rin ng masa na ikubli at itaguyod ang Hukbo," ayon kay Ka Jordan, kumander ng isang yunit ng NPA.


Dahil matagumpay na nareaktiba ang mga Sangay ng Partido at yunit ng Milisyang Bayan sa lokal, muli ding nabuhay ang sistema ng pag-iingat sa seguridad sa mga baryo na sinaklaw ng pagkilos ng nasabing yunit ng BHB.

Kilusang masa para sa kilusang pagwawasto

Tunay na napakarami ng mga rebolusyonaryong gawain na kailangang isagawa sa diwa ng muling upang muling sumulong at pasiglahin ang mga rebolusyonaryong gawain sa iba't ibang larangan.

Patunay ang karanasan ng mga yunit ng BHB sa ilalim ng LDGC na kapag naunawaan ng masa ang mga aral ng kilusang pagwawasto ay tiyak na kikilos sila upang maisakatuparan ang napakaraming mga rebolusyonaryong gawain. Sa pamamagitan ng pinakamahigpit na pakikipag-ugnayan sa masa, malulutas ng mga yunit ng BHB ang anumang suliraning kakaharapin habang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin.

Sa pinakaibuturan nito, ang demokratikong rebolusyong bayan na isinusulong ng Partido ay isang rebolusyon ng masa at ng buong bayan. Makakamit lamang ang pagsulong, pagsigla at pagtatagumpay nito sa pamamagitan ng pagbubunsod ng pinakamalawak at pinakamatibay na pagkakaisa sa hanay ng masa at pagkakaisa ng BHB at ng sambayanang Pilipino. pagkakaisa at kapursigihan ng masa.



BANTAY KARAPATAN

203rd Brigade, pinakamalaking banta sa buhay ng masang Mindoreño

Patuloy na binibiktima ang masang Mindoreño ng madugong kontra-insurhensyang programa ng rehimeng US-Marcos II. Ipinapailalim ngayon ang malawak na kanayunan ng Mindoro at ang buong bansa sa pinaigting na mga operasyong militar tulak ng desperasyon ng rehimen, lalo na ng utak-pulburang militar, na durugin ang kahit na anong porma ng paglaban ng mamamayan.

EKSTRAHUDISYAL NA PAGPATAY | Walang awang pinatay ng mga tropa ng 4th Infantry Batallion (4IB)

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina


Ipinagptuloy mula sa pahina 10...

ang kabataang Hanunuo na si Jay-el Maligday noong madaling araw ng Abril 7. Pinapakalat ng mga sundalo na armado si Maligday noong siya ay kanilang pinatay at saka pinararatangang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Hindi na nahiya, patuloy na binulabog ng mga sundalo ang pamilya Maligday hanggang sa araw ng libing.

Si Maligday ay 22 taong gulang at mag-aaral sa Grace Mission College.

PAGKAKAMPO SA MGA SENTRONG BARYO | Nagpapatuloy ang pagkakampo ng mga sundalo ng 203rd Infantry Brigade (IBde) sa mga sentrong pamayananan na isa sa mahigpit na ipinagbabawal sa CARHRIHL. Nananatili ang mga RCSPO sa mga sentro ng mga sityo ng Kilapnit, Dagum, Sinariri, Darayaw, Amaga, saklaw ng Brgy. Panaytayan, Mansalay. Ipinailalim din mula Abril ang So. Soriawon, Barangay Nasucob, Bulalacao Oriental Mindoro sa RCSPO mula noong pagpaslang kay Maligday. Sa So. Yabat, Brgy. Naibuan, San Jose, Occidental Mindoro. Hindi rin tinatantanan ng RCSPO ang So. Cogon Ratag ng Brgy. Manoot, Rizal, Occidental Mindoro. Takot, ligalig, at abala sa taumbaryo ang hatid ng presensya ng militar. Pinipilit din ng mga sundalo na pagbilhan sila ng suplay ng mga masa at nagpataw din ng *curfew*.

FOOD BLOCKADE | Sa mga sityo o.pamayanan na inokupa ng yunit ng militar at pulis na nasa FMO o RCSP, ginagawa ang pag-kontrol sa pagkuha ng pagkain sa mga kaingin at ang binibiling pangangailangan sa mga tindahan sa loob at labas pamayanan. Itinatakda ang bolyum na dapat bilhin ng bawat aytem na pangangailangan ng bawat pamilyahan o residente. May takdang oras ng pagpunta sa bukid o kaingin ganun din ang pagbalik mula dito. Binabantayan ang pag-usok sa mga kaingin dahil sa pagdududang may pinakakain na NPA sa mga kaingin ng masa.



HARASMENT | Patuloy na ginigipit at pinapatawag sa kampo ng mga kasundaluhan ang pamilya ng isang Pulang mandirigma ng Lucio de Guzman Command (LDGC) at pinipilit silang ilitaw ang kanilang kapamilyang kasapi ng BHB.

Binabalik-balikan ng mga intel ng 68th IB kasama ang mga ex-NPA at traydor sa rebolusyon na sina Marjun "Ram" Malucon at Elmer "Mobik" Orosa Jr. ang ilang masa para i-presyur silang ilabas ang diumanong pinatagong mga baril sa kanila ng BHB. Hindi na makapaghanapbuhay ang mga masang ito dahil sa banta sa kanilang buhay.

ILIGAL NA INTEROGASYON | Sa pamamagitan ng pagpapatawag sa mga sibilyan na target gamitin sa kontra-insurhensya, pinapupunta ang mga ito sa kampo at isinasalang sa interogasyon at kumbersyon. Habang nasa ilalim ng interogasyon, kumbinasyon ng tortyur, pagbabanta, pananakot at panrarahuyo sa mga pabuya ng target na kasapi ng CPP-NPA-NDFP ang inihaharap sa kanila . Paulit-ulit na ginagawa ang iligal na "pag-iimbita" na ito sa mga kampo.

PAGSASAMANTALA SA KABABAIHAN AT PAGNANAKAW NG MGA HAYOP AT ARI-ARIAN NG MASA | Bantog ang pagsasamantala sa kababaihan sa So. Mantay, Monteclaro na ginagawa ng mga pasistang pulis at sundalong nakadestino dito. Pinapatawag ang mga kababaihan sa gabi, kahit na may mga asawa na, pinaiinom at pinipilit ang mga itong makipagtalik sa kanila. Upang hindi magreklamo, binabayaran ang mga asawa at biktima ng mga hayok na sundalo.

Bantog din ang pag-imbwelto sa sindikato ng magnanakaw ng mga kalabaw, baka, kaambing at iba pang ari-arian ng masa ang mga pasistang sundalo sa Mantay. Kasabwat ng mga ito ang sagad-saring masasamang elemento na mga nireklutang CAFGU at *special enlisted* mula sa mga Mangyan na ngayon ay nakadestino sa kampo ng Mantay. Mahigpit ang mga itong nirereklamo ng mga katutubo.



Ang imperyalistang panghihimasok ng US at China sa karagatan ng Mindoro

Ang likas na katangian ng Mindoro bilang isang isla na may malawak na lupaing napapalibutan ng mahabang dalampasigan at mayamang karagatan ay bahagi ng hitik sa yaman at mayabong na kultura at kasaysayan nito.

Dahil sa taglay na yaman, potensyal at estratehikong lokasyon ng Mindoro, isa ito sa mga lugar sa bansa na binigyang pokus ng imperyalistang pandarambong ng US. Isa rin ang Mindoro sa mga

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina

Ipinagpatuloy mula sa pahina 11...

isla sa Pilipinas na nasa tarangkahan ng West Philippine Sea (WPS), kung kaya't ramdam na ramdam ng mamamayang Mindoreño ang lumalalang tensyon dito sa pagitan ng US at China.

Sa loob ng mahabang panahon, mula 1900, pinalawig ng US ang kontrol nito sa ekonomya, pulitika, militar at kultura ng Pilipinas. Taktikal at estratehiko para sa US ang pananatili ng presensya nito sa Pilipinas na bahagi ng pagkubkob nito sa China, ang kanyang pinakamalaking katunggali sa ekonomiya at militar sa ngayon. Sa bawat nagdaang reaksyunaryong rehimen sa Pilipinas, nabuo ang dumaraming mga tratado at kasunduang militar sa US. Ang lahat ng ito ay bahagi ng implementasyon ng Operation Pacific Eagle Philippines ng US na bahagi ng pagpapaigting ng kontrol nito sa mga Asya-Pasipikong bansa na malapit sa China. Malinaw na inilalatag na ng imperyalistang US ang kaniyang mga piyon sa ikinakasa nitong digmaan laban sa China.

Higit na tumitingkad ito ngayon sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II sa pamamagitan ng pagpirma nito sa Bilateral Security Guidelines noong Mayo 2023 na lalong nagpatibay sa mga nauna nang kasunduang militar ng US at Pilipinas. Ibinunga nito ang apat na bagong Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) sites na dagdag sa lima na dati nang nakatindig. Pinakabago sa MIMAROPA ang base militar na itinatayo sa Balabac Island, Palawan. Higit na pinarami din ang mga ehersisyong militar sa pagitan ng US at Pilipinas na papalaki nang papalaki ang bilang ng mga kalahok na dayuhang tropa. Nitong Abril at Mayo 2024, isina-gawa ang Balikatan Exercise sa pagitan ng US at Pilipinas sa karagatan sa pinakaunang pagkakataon. Nilahukan din ang Balikatan 2024 ng 14 pang mga bansang alyado ng US bilang mga *observer*. Pinirmahan din ni Marcos Jr. ang mga kasunduan sa magkasanib na ehersisyong militar sa Australia, Japan, France at Canada, mga alyado ng imperyalistang US. Ibinandera ni Marcos Jr. ang mga hakbanging ito na tulong umano ng US at ng mga kaalyado nito sa pagpapalakas ng kakayahan ng Pilipinas sa pagdedepensa sa sarili laban sa teritoryal na panghihimasok at pang-aagaw ng China sa anyo ng dumaraming mga kaso ng panghaharang sa mga mangingisdang Pilipino, okupasyon nito sa mga isla sa WPS at agresibong pagpakat ng mga barkong pandigma at iba pang gamit-militar sa WPS.

Naiipit ang mamamayang Pilipino sa pagitan ng dalawang dambuhalang imperyalistang naggigirian sa loob ng teritoryo ng Pilipinas. Ilang taon nang suliranin ng mga mangingisdang Pilipino ang papatinding militarisasyon sa WPS dahilan para hindi sila makapangisda rito. Malaking abala rin sa kabuhayan ng mga mangingisda ang mga ehersisyong militar at nabal na inilulunsad ng US at ng berdugong AFP sa loob ng mga coastal waters ng bansa.

Hindi ligtas ang Mindoro sa ganitong mga hakbangin ng militarisasyon sa karagatan. Sa Lubang Island, Occidental Mindoro, matatagpuan ang isang *radar facility* ng US na pinalalabas nilang nilang *non-military* ang gamit ngunit tiyak na kinakasangkapan sa paniniktik sa WPS. Noong 2022, nilagay ng AFP dito ang BrahMos Missile na binili nito sa India at may ilang ektaryang lupain na rin ang nakalaan para gawing isang kampo-militar. Enero 2024, naglunsad ng magkasanib na ehersisyong militar ang US at Pilipinas sa Cabra Island, Looc, Occidental Mindoro.


Naging pambansang usapin ang pagbangga ng isang barko ng China sa bangkang pangisda na Gem-Ver noong June 2019 sa WPS. Matapos na binangga ay inabandona nito ang 22 mangingisdang na ilang oras na palutang-lutang sa dagat bago pa ito nasagip ng mga mangingisdang Byetnames. Noong Abril 2022 lamang, tatlong taon matapos ang insidente, nakuha ng mga mangingisda ang PhP 6 milyon bayad-pinsala sa kanila ng mga may-ari ng barkong bumangga sa kanila. Di nalalayo rito ang karanasan ng FBCA Ruel J. na binangga rin ng isang barko ng China sa karagatan na saklaw ng bayan ng Paluan noong Disyembre 6, 2023.

Marapat lamang na kundenahin at panagutin ang China sa ginagawa nitong panghihimasok at okupasyon sa mga teritoryo na saklaw ng Pilipinas. Ngunit ang napakalaking agwat sa rekurso at kapasidad pang-militar ng Pilipinas at China ay hindi mapupunuan ng pag-asa sa US o anumang imperyalistang bayan gayong pansariling interes nila ang tiyak na mamamayani sa likod ng pagpopostura nilang tuwangan ang Pilipinas sa pagtataguyod nito sa pambansang soberanya.

Isang malaking kabalintunaan na asahan ang imperyalistang US na isalba at proteksyunan ang Pilipinas laban sa isa pang imperyalistang kapangyarihan gayong daan-taon nang pumipiga at nandarambong ito sa yaman ng Pilipinas at siyang puno't dulo ng pagdarahop ng mamamayang Pilipino. Bilang nangungunang imperyalistang kapangyarihan sa buong mundo, higit na masahol ang mahabang kasaysayan ng paninibasib nito sa Pilipinas sa larangan ng ekonomya, pulitika, militar at kultura. Nalalagay lamang sa mas mapanganib na pusisyon ang mamamayang Pilipino sa ginagawang todo-todong pagpapakasangkapan ng rehimeng US-Marcos II sa interes ng imperyalistang US.

Dapat puspusang labanan ng mamamayan ang imperyalistang panghihimasok kapwa ng US at China sa Pilipinas. Kasama ng malawak na sambayanan, dapat kumilos ang mga mamamayang Mindoreño para ipagtanggol at igiit ang kanilang karapatang matamasa at mapakinabangan ang mga likas na yaman sa loob

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina



Ipinagpatuloy mula sa pahina 12...

ng soberanyang teritoryo ng Pilipinas. May ispesyal na papel ang masang mangingisda sa paggigiit sa karapatang ito at pagbabantay ng karagatan. Dapat ding singilin ng mamamayan ang rehimeng US-Marcos II, ang pangunahing tutang nagbibigay-daan sa patuloy na panghihimasok at pandarambong ng imperyalistang US sa bansa. Tanging sa pagbibigkis ng malawak na sambayanang Pilipino lamang maisasagawa ang pinaka-epektibong paglaban upang makamit ang pambansang soberanya at matiyak ang demokratikong interes ng mamamayan.



Tahakin ang rebolusyonaryong landas upang makamit ang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili!

Ang buhay, identidad at pag-iral ng mga pambansang minorya sa Pilipinas ay iginuhit ng mahabang kasaysayan ng paggiit nila para sa batayang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili. Sa panahong ito ng pananakop at imperyalistang agresyon, ang karapatang ito ay kaakibat ng paglaban at pagtatanggol sa kanilang lupang ninuno at batayang karapatang pampulitika.

Ang mga pambansang minorya sa Pilipinas ay grupo ng mga mamamayan na natatangi dahil napanatili nila ang sistema ng pamumuhay at kakanyahan ng kanilang grupo mula pa sa kanilang mga ninuno. Bawat grupo ay mayroong partikular na teritoryo, lenggwahe, kultura, at kasaysayan na mahigpit na nakaugnay sa lupain kaya tinatawag din silang etnolinggwistikong grupo (ELG). Kaya naman katumbas ng henosidyo ang mapalayas sila o mawala sa kontrol nila ang kanilang lupang ninuno.

Bumubuo ng 15% ng kabuuang 119 milyong Pilipino ang pambansang minorya na nahahati sa 150 na etnolinggwistikong grupo sa buong bansa. Dito sa Mindoro, sa bawat limang Mindoreño ay may isang katutubong Mangyan. Batay sa sensus noong 2015, sa 1.2 milyong populasyon sa isla ay 23% nito ay mga katutubong Mangyan. Tulad ng iba pang mga katutubo, pinakamabigat na suliranin na hinaharap ng mga Mangyan ang pangangamkam sa lupang ninuno ng mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador, mga imperyalistang korporasyon at mismong reaksyunaryong gubyerno. Kalakaran na ng mga naghaharing uri sa isla at kanilang mga ahente ang panlilinlang sa mga Mangyan gamit ang kung ano-anong papeles, pagpapasukat at pagpapatitulo ng lupa upang matulak ang mga Mangyan na isuko ang kanilang lupa. Sa ganitong mga bulok na iskema, nangyayari minsan na delata at ilang kilong bigas na lang ang kapalit ng lupa ng mga katutubo.

Ang patuloy na paglakas ng militanteng kilusan ng mga katutubo sa buong bansa noong 1980s hanggang 1990s ang nagtulak sa reaksyunaryong gubyerno para isabatas ang Indigenous People's Rights Act (IPRA) noong 1997. Ito lamang ang tanging batas ng reaksyunaryong gobyerno na kumilala na may umiiral na mga etnolinggwistikong grupo sa bansa at ang kanilang saklaw na mga lupain. Ganun pa man, may mapanlinlang na aspeto ang batas. Ultimong layunin nitong pahupain ang lumalakas na rebolusyonaryong agos ng kilusang katutubo na naggiggiit ng karapatan sa pagpapasiya-sa-sarili. Sa tabing ng paggagarantiya sa kanilang lupang ninuno at mga karapatan, itinakda ng batas ang pagtatayo ng National Commission on Indigenous People (NCIP), isang ahensya ng reaksyunaryong gobyerno, bilang mekanismo upang isailalim sa kontrol ang mga katutubo. Ang Free Prior and Informed Consent (FPIC) ay itinakdang rekisito sa pagpasok ng anumang programa o proyekto sa mga erya ng katutubo.

Gayunpaman, naging instrumento ang batas upang wasakin ang umiiral na nagsasariling sistema ng pamamahala ng mga katutubo ayon sa inabot ng kanilang pamumuhay at pampulitikang kaayusan. Itinakda ng batas ang pagtatalaga ng *indigenous people's mandatory representative* (IPMR) sa mga lokal na gubyerno, ang pagtatalaga ng mga komisyuner mula sa mga katutubo na may mataas na rekisito sa kaalaman sa reaksyunaryong batas. Ang mga IPMR at ang NCIP ay nagsilbing daluyan ng pagpataw ng kontrol ng estado sa dating "maiilap" o di nagpapailalim sa reaksyunaryong batas na mga katutubo. Sa aktwal, nilabusaw nito ang konsepto ng pagpapasya-sa-sarili at pinigilan nito ang pag-unlad ng nagsasariling sistema ng pampulitkang kaayusan sa mga ELG. Pinakamalala pa, ang NCIP ay nagpapanggap na siyang boses ng mga katutubo at inaangkin nito ang karapatan sa FPIC kung kaya't lalong nawalan ng boses ang iba't ibang tribu o ELG. Sa harap ng lansakang pandarambong at pang-aagaw sa lupain ng mga katutubo, nakikipagsabwatan pa ang mga ito sa mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at mga dayuhang mamumuhunan katuwang ang mga matataas na burukrata sa gobyerno. Sa ilang pagkakataon, ang mga sinanay na katutubong lider na pumasok sa loob ng burukrasya ay siya na mismong naging bagong burukrata na nagpapataw ng mga patakaran laban sa mga katribu o kapwa katutubo.

Isinabatas din ng reaksyunaryong estado ang Natio-nal Integrated Protected Areas System Act (NIPAS) noong 1997 na nagbigay daan sa mga huwad na proyektong pangkalikasan. Ipinatupad ito sa isla sa porma ng Mindoro Heritage Nature Park (MHNP) na nagdeklara sa mahigit 260,000 ektaryang lupang ninuno na bawal na umanong panirahan at pakinabangan ng mga Mangyan habang ibinubukas

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina



Ang mapandambong na mga operasyong mina ang isa sa nangungunang dahilan sa pagpapalayas sa mga pambansang minorya sa kanilang mga lupang ninuno. Larawan mula sa Lakbayan 2017.

Ipinagpatuloy mula sa pahina 13...

ibinubukas nito ang nasabing mga lupain sa ekoturismo at siyentipikong pananaliksik. Dahil sa malawakang pagtutol, naobliga ang gobyernong iatras ang implementasyon nito. Sa ngayon, muling binubuhay ang MHNP sa anyo ng pinakabagong batas na Expanded NIPAS (ENIPAS) at katuwang ang Tamarraw Reservation Expansion Program (TREP) na sasaklaw sa mahigit 100,000 ektaryang lupang ninuno ng mga katutubo na ang kalakhan ay naibigay na ang titulo sa mga Mangyan. Sa bagong batas na ito, palalayasin ang mga katutubo sa saklaw ng Tamaraw Reservation. Kasabay nito, ibinubukas naman ang saklaw ng ENIPAS sa pagpasok ng explorasyon ng pagkukunan ng enerhiya, *renewa-ble energy* at ang *bio-prospecting* sa mayamang buhay-ilang ng Mindoro para sa mga kumpanya sa bio-teknolohiya.

Mga pamayanan din ng mga pambansang minorya ang madalas na ipinapailalim sa komersyalisasyon at itinatransporma para maging *tourist spots* na madaling mailalako sa mga dayuhan. Halimbawa sa Mindoro ay ang Puerto Galera na dekada nang pinaunlad bilang pangunahing *tourist spot* sa isla. Gayundin ang mga lupang ninuno ng mga Mangyan sa panabihang dagat ng Mansalay at Bulalacao sa Oriental Mindoro, Abra de Ilog at Palu-an sa Occidental Mindoro, at iba pang mga maliliit na isla sa saklaw ng Mindoro. Patunay ang mga ito sa kahungkagan at kainutilan ng IPRA sa pagtatanggol at paggagarantiya sa karapatan ng mga katutubong Mangyan sa kanilang lupang ninuno.

Isang malaking tanong ngayon: ano na ang patutunguhan ng lipunan ng mga katutubo kung ngayon pa lamang ay lansakan nang nilalabag ang kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili at ang lupang ipapamana sa susunod na henerasyon ng mga Mangyan ay inaagaw sa kanilang mga kamay?

Ang walang katapusang paglalapastangan ng reaksyunaryong estado sa karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ng mga pambansang minorya at ang matinding kahirapang dulot ng krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan ang nagtutulak sa kanila upang tahakin ang landas ng paglaban.

Ang mga makabuluhan at matutunog na tagumpay ng pakikibakang masa para sa lupa sa Mindoro ay yumanig sa mga naghaharing uri. Dahil sa takot na mawala sa kamay nila ang yaman na dinarambong nila sa isla, inatasan ng naghaharing uri at ng kanilang estado ang mersenaryong AFP-PNP na supilin ang pakikibaka sa Mindoro. Mula noong 1980s hanggang sa panahon ng berdugong heneral ng AFP na si Jovito Palparan, hindi na tinantanan ng AFP-PNP ang mamamayang Mindoreño lalo ang mga katutubong Mangyan. Higit pang pinatindi ng pasistang si Duterte ang atake sa masang katutubo sa isla nang ideklarang pambansang pokus ang Mindoro ng JCP Kapanatagan. Mula 2021, binansagan nila itong *"eye of the storm"* ng kontra-insurhensyang programa ng reaksyunaryong gubyerno. Nagpapatuloy ito hanggang ngayon sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II.

Ngayon ay may ispesyal na tutok ang reaksyunaryong estado sa mga katutubo sa anyo ng *IP-centric approach* ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict sa kontra-rebolusyonaryong gera nito. Ang *IP-centric approach* ay nararamdaman sa kanayunan sa porma ng mas madugo at brutal na pag-atake, pagmimilitarisa at pambobomba sa mga pamayanan ng mga katutubo. Sa isla ng Mindoro, lahat ng mga barangay na dineklarang pokus ng JCP Kapanatagan ng nagdaang rehimeng Duterte ay mga barangay na mayorya o di kaya naman ay signipikante bahagi ng populasyon ay mga katutubong Mangyan. Ang mga pamayanan na pamalagian o di kaya naman ay madalas na isinasailalim sa mga FMO at RCSPO ng berdugong AFP-PNP ay sityo ng mga katutubo. Gayundin, ang mga pamayanang pinakahuling tinayuan ng mga kampo-militar.

Dito sa Mindoro, mula pa dekada 1980s, naipamalas ng mga katutubo ang kanilang tapang, lakas at determinasyon sa paglaban sa mga naghaharing uring nagpapahirap sa kanila. Kakapitbisig ang mga magsasakang di katutubo at iba pang demokratikong uri at sektor, ibinunga ng kanilang paglaban ang matagumpay na pagpapalayas sa mga pastuhan na siya noong nang-aagaw sa lupa, kabilang ang pagpapasara sa kumpanya sa pagmimina ng FF Cruz. Nakabalik sila sa mga nabitawang lupang ninuno sa mga panabihan ng *highway* at tabing dagat na inagaw sa kanila ng mga pastuhan at iba't ibang proyekto. Naobliga din ang lokal na pamahalaan ng dalawang probinsya na magpataw ng 25-taong moratorium sa pagmimina.

Magagarantiyahan lamang ang kanilang karapatan sa lupang ninuno kaakibat ng kaparatan sa pagpapasya-sa-sarili sa pagtatayo nila ng demokratikong gubyernong bayan, kasama ang mga manggagawa at magsasaka at iba pang demokratikong uri at sektor ng lipunang Pilipino. Maitatayo lamang ang gubyernong ito sa pagpapabagsak ng kapangyarihan ng mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at mga burukrata kapitalista na nakikipagsabwatan sa imperyalistang kapangyarihan. Ang tagumpay ng kanilang kolektibong pagsisikap ang garantiya sa mga pambansang minorya para makamit ang sariling pagpapasya sa pamamagitan ng pagtatayo ng tunay na malaya at demokratikong gubyerno na nagtataguyod ng kanilang pambansa-demokratikong interes.



Larawan mula sa Lakbayan 2017.

KOMIKS



KULTURA

Pagpupugay sa mga rebolusyonaryong ama at ina

Mga Saliw at Kwentong Pamana ng Isang Rebolusyunaryong Ama at Artista

ni Ka Andeng

"Yung mais kinain ng unggoy," nakangusong kwento ng maliit na bata na para bang nagsusumbong sa mga kasama.

Maaliwalas ang kalangitan sa isang baryo sa Occidental Mindoro. Bagamat tirik ang araw ay hindi naman ganun kainitan. Katamtaman lamang ang sinag ng araw na dumadampi sa balat ng mga kasama at sa masa ngunit hindi nakakasunog. Masarap din ang simoy ng hangin na nagmumula pa

Ipinagpatuloy sa susunod na pahina

Ipinagpatuloy mula pahina 15...

sa karagatan malapit sa kanila. Tila ba nakikisabay sa pagsayaw ang mga dahon ng mga punong kahoy. Saktong sakto para sa mga pag-aaral na isinasagawa ng mga kasama habang nasa detats sa bahay ng masa.

Kasalukuyan namang kakulitan ng mga kasama ang mga anak ng masa habang hinihintay pa ang ibang masa at nagpaparami.

"Oh, anong nangyari?" malambing na tanong ni Ka Poldo sa batang babae sa kanyang kwento.

"'Yung mais po kinain ng unggoy," ulit ng batang babae sa kanyang kwento.

"Ah, 'yung unggoy kinain ng mais?" sagot ni Ka Poldo na para bang totoong nabibigla.

"Hindi po, 'yung mais nga ang kinain ng unggoy," ulit ng bata sa kalituhan.

"Ah, ba't naman kinain ng mais 'yung unggoy?" tanong ulit ni Ka Poldo na may halong tawa sa huli.

Unti-unti na namang napagtanto ng bata na inaasar at binibiro na lamang siya ni Ka Poldo ngunit patuloy pa rin ito sa pagwawasto ng kanyang kwento.

Tuluyan nang humagulgol ang bata habang napuno naman ng masiglang tawanan ang bahay ng masa. Pinakamalakas na tawa ay nagmumula sa pasimunong nagpaiyak na tila ba hindi na masalo ang hininga sa pagtawa. Ilang minuto pa ay agad din naman siyang tumigil at sinubukan habulin ang bata upang aluin ang bata sa pamamagitan ng pagbibigay ng candy at tinapay. Kwinentuhan na rin niya ang bata kasama pa ang ibang mga bata na may kasama pang mga aksyon upang makuha ang kanilang atensyon.


Pansin ang pagsisikap ni Ka Poldo na bagu-baguhin ang kanyang ekspresyon ng mukha upang mapamaraang ituro ang mga rebolusyunaryong kwento mula bata hanggang sa mga matatandang masa. Nakatutok ang lahat ng masa sa kanyang pagtuturo at ramdam mong unti-unting nauunawaan ang pinupunto ni Ka Poldo patungkol sa kasalukuyang kalagayan ng ating bansa. Nagulat ang lahat nang biglang humiga sa lupa si Ka Poldo at umaktong pinapalaki ang tiyan. Nakahinga naman ng maluwag ang mga kasama at masa nang maipaliwanag na sinusubukan niya lang palang imuestra ang mga gahamang panginoong may lupa. Napuno rin ng tawanan ang lugar bago siya tumayo at nagpatuloy.

Si Ka Poldo na nakilala rin bilang Ka Solar/ Rona/Padi ay isang mahusay na kumander na kinakikitaan ng lapat sa lupang pamumuno bukod pa sa paraan ng kanyang pagtuturo. Litaw sa kanyang pagkatao ang pagiging likas na magiliw sa mga masa. Madali rin siyang matawag para sa mga kulturang pagtatanghal lalo na sa pagdadrama at pagkokomedya. Isa ring tatak niya ay ang mga pinong galaw niya sa awit-galaw. Bagamat malapit siya sa mga masa at kasama, hindi rin naiiwanan ni Ka Poldo ang mga tinatanganan na regulasyong militar. Istrikto siya pagdating sa mahigpit na pagtangan ng mga prinsipyo at alituntunin sa loob ng Hukbo lalo na pagdating sa seguridad pero ramdam mo ang kanyang pagiging maaalalahanin. Marami na rin siyang napangunahan at nasamahang mga TO at labanan kaya alam mo na ikaw ay talagang gagabayan niya at kanyang alertong madedepensahan ang buong tropa.

Si Ka Poldo ay larawan ng kumander na organisador: palaaral at matiyaga. Ito ang mga katangiang lulutang kapag narinig mo ang kahit sa anumang koda niya dahil sa mahigpit at mulat niyang pagyakap sa pagiging kadre ng Partido at Hukbo ng mga mamamayang Pilipino. Hindi rin madamot sa pagtatalakay ng kanyang karanasan si Ka Poldo. Madalas niyang ibahagi ang kanyang rebolusyunaryong talambuhay sa mga kasama, lalo na ang buhay niya noong siya ay mangingisda.

Makulay ang kanyang mga kwento. Minsan daw ay halos nakakaabot pa raw siya sa South China Sea. Malinaw na bilang mangingisda noon ay direkta niyang naranasan ang pagsasamantala sa mga mangingisda ng mga malalaking komersyal na barko na nanggigipit sa maliliit na mangingisda na nagmumula pa sa China. Ibinabahagi niya rin ang buhay na karanasan sa pagiging mala-manggagawa noong nagtrabaho siya sa Batangas Pier bilang assastre o kargador. Pinangunahan niya ang pagsulong ng laban doon at kinakitaan ng masikhay na pamumuno bilang lider-unyonista. Hindi lamang mga karanasan ang naiwan ni Ka Poldo sa mga kasama kung hindi nakapagtatag din siya at nakapagbigay ng kumpiyan-sa sa sarili sa mga kasama. Malaki ang tiwala niya sa mga bagong *fulltime*. Hindi siya na ngingiming magbigay sa kanila ng mga mahahalagang gawain tulad ng oportunidad na maging isnayper sa mga TO. Alam ni Ka Poldo kung paano pauun larin ang potensyal na nakikita niya sa mga kasama.

Huwaran din si Ka Poldo pagdating sa aktwal na pagsasabuhay ng pagbubuo ng rebolusyunaryong pamilya lalo na nang mapasampa niya ang dalawang lalaki sa tatlo niyang anak at mapakilos din ang kanyang buong pamilya kasama na ng asawa at isa pang anak na babae sa ligal na paglaban sa Batangas. Malayo man sa kanyang mga anak ay hindi nagkulang sa pagsubaybay si Ka Poldo sa kalagayan ng mga anak at sinisigurado ang kanilang kaligtasan emosyonal na pangangailangan gamit ang tuloy-tuloy na ugnayan. Hindi man siya



Ipinagpatuloy mula sa pahina 16...

makakasama ng kanyang mga anak sa kanilang paglaki ay sinisigurado niya na ang mga susunod na mga anak ng sambayanan ay hindi na muling mawawalay pa sa kanilang pamilya at may tiyak na magandang kinabukasan.

Ang buhay ni Ka Poldo ay nagsisilbing parola't inspirasyon sa kasalukuyang mga rebolusyunaryo. Bagama't nasawi noong Disyembre 2020, patuloy pa rin siyang gumaganap ng kanyang tungkulin bilang organisador at propagandista sa pamamagitan ng kanyang iniwang mga pag-aaral, karanasan, at ang katotohanang inalay niya ang kanyang buong pagkatao hindi para sa sarili kundi para sa dakila, makatwiran, at makabuluhang adhikain ng rebolusyon.

Ang iniwang talinhaga ng aking rebolusyonaryong ina

ni Ka Hiraya

(Unang lumabas sa *Kalatas)*

"Nay, kailan tayo magkakasama-sama?" Ito ang parating tanong ng aking kabataan. "Kapag pumuti na ang uwak." Ito ang laging sambit ni Nanay habang nakangiti. "Kailan puputi ang uwak?" tanong kong muli. "Matagal pa, pero gagawin natin ang ating makakakaya para mapabilis."

Sa murang edad ipinaunawa na ni Nanay na kami ay nabubuhay sa di ordinaryong sitwasyon. Sa mga sandaling dadalaw si Nanay, alam kong aalis din sya agad. Ang aming pagkikita ay laging may kaakibat na pamamaalam.

Ipinaunawa ni Nanay sa kanyang bawat sulat at pangaral na sya ay bahagi ng isang mas malalim na layunin. Si Nanay ay di lamang sa akin. Siya ay una sa lahat para sa bayan.

Iba ang saya at sigla ni Nanay sa kanyang mga kwento kasama ang mga katutubo, magsasaka at manggagawa. Ang kanyang hele ay awit ng pakikibaka. Ang aming ABAKADA ay MKLRP. Ang kanyang maikling kwento ay tungkol sa pagbaliktad ng tatsulok, sa matandang hangal na nagpatag ng dalawang bundok, at kung paano ang masa ang tunay na tagapaglikha ng kasaysayan.

Aking napag-tanto na rebolusyon ang buhay na pinili ni Nanay.

"Anak, konting tiis na lang, magwawagi rin ang ating pakikibaka at lalaya ang inaapi."

Sa mata ng isang bata ano ba ang rebolusyon? Ito ay kaluskos ng sanga at dahon ng mga puno sa gitna ng gubat. Ito ay paglalakad sa gitna ng gabi sa ilalim lamang ng liwanag ng buwan. Ito ay ang masiglang tawanan sa kusina ng sonang gerilya. Ito ay ngiti ng bawat kasama na aming nakakadaupang palad. Ito ay pagkalinga ng bawat masa.

Sa paglipas ng panahon at mga taon mas lalo ring lumalim at lumawak ang pag-unawa ko rito. Ito ay pagyakap sa buhay ng sakripisyo at puspusang pakikibaka. Sa aking karanasan, masasabi kong ang mga katagang ito ay nananalaytay sa bawat himaymay ng pagkatao ng aking ina.



Sa maraming yugto ng pagkilos ng aking ina, kakambal ang kanyang mga piniling pangalan, buong lakas at tatag nyang ginampanan ang bawat gawain at atas. Masikhay sa pag-iisip ng mga ideya na makakapukaw sa damdamin ng masa, masiglang pag-abot sa lahat ng antas upang mas mailapit ang rebolusyonaryong teorya sa lugar na kanyang kinikilusan, at mapanghamig sa mga pwersa at alyado tungo sa isang malawak na pagkakaisa.

Buong buhay ng aking ina ay ibinigay nya sa paglilingkod sa masang api at pinagsasamantalahan. Buong lakas ng aking ina ay inialay nya sa pag-ambag sa layunin ng kilusan. Buong puso ng aking ina ay itinibok nya sa ngalan ng rebolusyon.

Kaakibat ng kanyang pagiging mabuting rebolusyonaryo ay ang kanyang pagiging mabuting ina. Walang kataga ang makakatumbas sa lalim at lawak ng pagmamahal niya. Labis-labis at higit sa walang hanggan. Ang pinakadalisay na bahagi ng kanyang pagiging ina ay ang kanyang pagiging rebolusyonaryo.

Bilang isang anak, hindi ko mailarawan ang pagdadalamhati na aking nararamdaman. Ngunit kasabay nito ang walang hanggang pagdakila at pagpupugay na nais kong ibigay kay Kasamang Victoria Mirayan, ang kanyang opisyal na pangalan sa Partido na higit na kilala ng masa at mga kasama sa kanyang iba't ibang panga-an sa pakikibaka bilang Sandy, Luisa o Marta.

Ayon sa kwento ng mga nakapaligid sa kanya, bago sya mawalan ng malay ay mga kasama ang nasa isip nya. Hanggang sa huli ang aking ina ay gumagampan ng kanyang gawain. Bagamat nasa kritikal na kundisyon, ang aking ina ay una at higit sa lahat, isang rebolusyonaryo. Hanggang sa huling pintig ng kanyang puso, sya ay lumalaban.

Ikinararangal ko na si Ka Sandy ay dakilang martir at bayani ng rebolusyon. Ikinararangal ko na si Ka Sandy ay ang aking Ina. Ang kanyang pagkawala ay mag-iiwan ng di masusukat na puwang at marka sa ating mga puso.

Marahil ang mga salitang "kapag pumuti na ang uwak" ay kanyang talinhaga sa "kapag lumaya na ang lipunan".

Mga kasama, gawin natin ang ating puspusang makakaya upang "pumuti na ang uwak". Ibaling ang ating pagdadalamhati sa isang rebolusyonaryong agos. Sa oras ng paglaya, katagpuin natin ang ating mga martir at dakilain ang kanilang buhay at sakripisyo.

Mahal na mahal kita Nanay. Ikaw ang buong puso ko. Hanggang sa muli nating pagkikita.